

Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto sine differentia discretiónis sentímus.

Ut in confessióne vera sempiternáque Deitátis, et in persónis propríetas, et in esséntia únitas, et in maiestáte adorétur æquálitas.

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotídie, una voce dicéntes: — Sanctus, Sanctus, Sanctus...

Sapagka't kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi.

Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • *Is 35:4*

DICITE pusillánimes, confortámini et nolíte timére: ecce, Deus noster véniet et salvábit nos.

IHAYAG mo sa mga mahihinang-loob: magpakatapang kayo at huwag kayong matakot! Narito ang ating Diyos, paparito't ililigtas tayo.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

IMPLORAMUS Dómine, cleméntiam tuam: ut hæc divína subsidia, a vítiis expiátos, ad festa ventúra nos præparent. Per Dóminum.

ISINASAMO namin ang Iyong awa, Panginoon: upang itong mga makalangit na tulong ay malinis kami sa aming mga kasalanan, at ihanda sa darating na kapistahan. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristong Panginoon namin...

Hermanidad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision sa Pagsasalín



IKATLONG LINGGO SA PANAHOON NG ADBIYENTO

Misa "Gaudete"
Semidoble • I cl. • Lila o Rosas

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • *Filipos 4:4-7*

GAUDETE in Dómino semper: iterum dico, gaudéte. Modéstia vestra nota sit ómnibus homínibus: Dóminus enim prope est. Nihil solliciti sitis: sed in omni oratióne petitiones vestrae innotéscant apud Deum. — *Ps 84:2* Benedixísti, Dómine, terram tuam: avertísti captivitátem Iacob. **V.** Gloria Patri. Gaudete.

MAGALAK kayong lagi sa Panginoon; inuulit ko, magalak kayo. Ipakilala ninyo sa lahat ng tao ang inyong kagandahang-loob. Malapit nang dumating ang Panginoon. Huwag kayong mabalisa, bagkus idulog sa Panginoong Dios ang lahat ng inyong kahilingan. — *Salmo 84:2* Pinagpala mo, Panginoon, ang iyong lupain: iniligtas Mo si Jacob sa pagkabiha. **V.** Luwalhati sa Ama. — Magalak kayong lagi...

▪ *Hindi aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

AUREM tuam, quæsumus, Dómine, précibus nostris accómmoda: et mentis nostræ ténebras, grátia tuæ visitatiónis illústra. Per Dóminum.

PAKINGGAN MO ang aming kahilingan, Panginoon, isinasamo namin: at liwanagan mo ang kadiliman ng aming isipian sa pamamagitan ng biyaya ng Iyong pagdalaw. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

SULAT • *Fil 4:4-7*

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos.

MGA KAPATID: Magalak kayong lagi sa Panginoon. Inuulit ko, magalak kayo! Ipadama ninyo sa lahat ang inyong kabutihang-loob. Malapit nang dumating ang Panginoon. Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. At ang kapayapaan ng Dios na hindi kayang maunawaan ng tao ang siyang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus. — **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • *Salmo 79: 2, 3, 1*

QUI sedes, Dómine, super Chérubim, éxcita poténtiam tuam, et veni.

V. Qui regis Israël, inténde: qui dedúcis, velut ovem, Ioseph.

Allelúia, allelúia. **V.** Excita, Dómine, potentiam tuam, et veni, ut salvos fácias nos. **Allelúia.**

MULA sa iyong luklukan sa mga kerubin, ihayag mo ang iyong kapangyarihan at pumarito ka.

V. O Pastol ng Israel, making ka, ikaw na siyang taga-akay ng kawan ni Jose!

Aleluya, aleluya. **V.** Ihayag mo ang iyong lakas Panginoon: pumarito ka, at iligtas Mo kami. **Aleluya.**

EBANGHELYO • *Jn 1:39-47*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

NOONG MGA PANAHONG IYON: Ang mga pinuno ng mga Judio sa Jerusalem ay nagsugo ng mga pari at Levita upang itanong kay Juan kung sino nga ba siya. Hindi nagkaila si Juan; sa halip ay maliwanag niyang sinabi, “Hindi ako ang Cristo.” “Sino ka kung gayon?” tanong nila. “Ikaw ba si Elias?” “Hindi ako si Elias,” tugon niya. “Ikaw ba ang Propeta?” Sumagot siya, “Hindi rin.” “Sino ka kung gayon? Sabihin mo kung sino ka upang may masabi kami sa mga nagsugo sa amin. Ano ang masasabi mo tungkol sa iyong sarili?” tanong nilang muli.

Sumagot si Juan ayon sa nasusulat sa aklat ni Propeta Isaias, “*Ako ang tinig ng isang taong sumisigaw sa ilang, ‘Tuwirin ninyo ang daraanan ng Panginoon.’*” Ang mga nagtanong ay sugo ng mga Pariseo. Muli nilang tinanong si Juan, “Bakit ka nagbabautismo, gayong hindi naman pala ikaw ang Cristo, o si Elias, o ang Propeta?” Sumagot si Juan, “Ako’y nagbabautismo sa tubig, ngunit nasa inyong kalagitnaan ang isang hindi ninyo nakikilala. Dumarating siyang kasunod ko subalit hindi man lamang ako karapat-dapat na magkalag ng tali ng kanyang sandalyas.” Nangyari ang mga ito sa Bethania, sa silangan ng Ilog Jordan na pinagbabautismuhan ni Juan. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Salmo 84:2*

BENEDIXISTI Dómine, terram tuam: avertísti captivitátem Iacob.

PINAGPALA mo, Panginoon, ang iyong lupain: iniligtas Mo si Jacob sa pagkabihag.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

DEVOTIONIS nostræ tibi, quæsumus, Dómine, hóstia iúgiter immolétur: quæ et sacri péragat institúta mystérii, et salutáre tuum in nobis mirabíliter operétur. Per Dóminum.

ISINASAMO namin sa Iyo, Panginoon, na ihandog namin lagi nang buong puso itong banal na Paghahain, at nang maganap ang hangarin ng paglalang sa mga misteryong ito, upang mamunga nawa sa amin ang iyong kaligtasan. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristong Panginoon namin...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnípotens, ætérne Deus.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali, na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Panginoong Dios, Amang banal, makapangyarihan at walang-hanggan:

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spíritu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in uníus Trinitáte substántiæ.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona.